Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

716

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG HULYO 20, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:40 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang ALAN T. PAMATMAT | ..... | PANGALAWANG PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. de Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Romulo A. Elca | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Angelito U. Limjuco | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Oscar F. Feliciano | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya | ..... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |

DI-DUMALO:

*Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes . Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan*

### KAPASIYAHAN BLG. 141-T-2009

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 075-T'09 NG KGG. SANGGUNIANG BARANGAY NG PAGSAWITAN NA NAGKAKAHALAGA NG DALAWANG DAAN PITUMPU'T PITONG LIBO ISANG DAAN DALAWAMPU'T LIMANG PISO AT LIMAMPU'T PITONG SENTIMOS (Php277,125.57) MULA SA SURPLUS NG 2008 UPANG ILAAN SA 10% SK FUND (Php103,880.78), MEDICAL ASSISTANCE (Php65,000.00), PAMBAYAD SA GASOLINA (Php61,000.00), PAMBAYAD SA ELECTRIC BILL (Php7,000.00), PAMBAYAD SA TUBIG (Php20,000.00), UNIFORM (SANGGUNIANG BARANGAY AT KABALIKAT (Php10,000.00) AT OFFICE SUPPLIES (Php10,244.79) NG NABANGGIT NA SANGGUNIANG BARANGAY.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 094-T'09/Kautusan sa Paglalaan Blg. 075-T'09 ng Sangguniang Barangay ng Pagsawitan na nagkakahalaga ng Php277,125.57 mula sa Surplus ng 2008 upang ilaan sa 10% SK Fund (Php103,880,78); Medical Assistance (Php65,000.00), pambayad sa Gasolina (Php61,000.00), pambayad sa Electric Bill (Php7,000.00), pambayad sa tubig (Php20,000.00), Uniform (Sangguniang Barangay at Kabalikat) (Php10,000.00) at Office Supplies (Php10,244.79) ng nabanggit na Sangguniang Barangay.

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kahilingan ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagsusuri at pag-aaral ng mga kasapi ng naturang lupon sa paglilipat at paglalaan ng pondo ng nabanggit na barangay ay inirekomendang pagtibayin na ito.

**SAPAGKA'T,** lahat ng mga laang gugulin ng barangay ay itinatagubiling iayon sa mga tuntunin sa pagbabadyet, pagtutuos at pag-a-awdit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Louie C. de Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Angelito U. Limjuco at Oscar F. Feliciano at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Kautusan sa Paglalaan Blg. 075-T'09 ng Sangguniang Barangay ng Pagsawitan na nagkakahalaga ng Php277,125.57 mula sa Surplus ng 2008 upang ilaan sa 10% SK Fund (Php103,880,78); Medical Assistance (Php65,000.00), pambayad sa Gasolina (Php61,000.00), pambayad sa Electric Bill (Php7,000.00), pambayad sa tubig (Php20,000.00), Uniform (Sangguniang Barangay at Kabalikat) (Php10,000.00) at Office Supplies (Php10,244.79) ng nabanggit na Sangguniang Barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay Pagsawitan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

Alan T. Pamatmat

NAGPATOTOO: **ALAN T. PAMATMAT**
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan